
# REGULATORY SERVICES

## ANO ANG CIVIL SOCIETY ORGANIZATION (CSO) NA INORGANISA NG DSWD BILANG BENEPISYARYO?



**Ang Civil Society Organization (CSO) na inorganisa ng DSWD bilang benepisyaryo ay tumutukoy sa grupo o asosasyon na binubuo ng mga indibidwal na kinikilala ng DSWD bilang benepisyaryo ng mga programa o proyekto ng DSWD. Ito ay binubuo sa pamamagitan ng inisyatibo at tulong pinansyal ng DSWD bilang bahagi ng proseso ng nasabing proyekto o programa.**



# REGULATORY SERVICES

## ANU-ANO ANG PANGUNAHING TUNGKULIN NG DSWD ORGANIZED BENEFICIARY CSO?

- **Magbigay ng karagdagang tulong sa pagsisikap ng pamahalaan upang mapaunlad, mapalakas, at maprotektahan ang mga mahihina, disadvantaged, at marginalized sector ng lipunan.**
- **Magbigay ng suporta sa mga inisyatibo ng pamahalaan upang mapaunlad ang mga patakaran, ipatupad ang mga programa, at tumulong na mapabuti ang paghahatid ng mga serbisyong panlipunan.**



# REGULATORY SERVICES

## BAKIT KAILANGAN MAG-APPLY PARA SA AKREDITASYON NG DSWD ORGANIZED BENEFICIARY CSO?

- Ang akreditasyon ay kinakailangan para sa General Appropriations Act.
- Para palakasin ang samahan kasama ang iba't ibang stakeholders.
- Para tiyakin ang transparency at mabisang pagproseso ng pondo.
- Upang isulong ang integridad at pananagutan ng mga benepisyaryong CSO.



# REGULATORY SERVICES

## ANG PROSESO SA PAG-AAPPLY NG DSWD ORGANIZED BENEFICIARY CSO AY ANG MGA SUMUSUNOD:

1. Pag endorso ng kinakailangang dokumento sa DSWD Field Office Standards Section.
2. Pagsusuri ng Standards Section sa mga isinumiteng dokumento.
3. Pagbibigay ng Certificate of Accreditation (CoA).
4. Kung ang aplikasyon ay hindi pumasa sa umiiral na pamantayan, ang aplikante ay maaaring umapila sa Field Office Director sa pamamagitan ng pag sumite ng Memorandum of Appeal na nagsasaad ng grounds ng kanilang appeal.

# REGULATORY SERVICES

## ANU-ANO ANG KINAKAILANGANG DOKUMENTO PARA SA APLIKANTE NG AKREDITASYON NG DSWD ORGANIZED BENEFICIARY CSO ?

- **Certified True Copy (CTC) ng "Certificate of Eligibility" galing sa Sustainable Livelihood Program-Regional Program Management Office**
- **Endorsement ng Sustainable Livelihood Program Associations (SLPAs) kasama ang Certificate of Eligibility na may pirma ng Regional Program Coordinator (nakalagay ang naaprubahang proyekto, address ng SLPA, at naaprubahang badyet para sa proyekto.)**



# REGULATORY SERVICES



## BISA NG CERTIFICATE OF ACCREDITATION NG DSWD ORGANIZED BENEFICIARY CSO

**Ang Certificate of Accreditation (CoA) ng DSWD organized beneficiary/ies CSO ay may bisa ng tatlong (3) taon mula sa petsa ng issuance maliban na lang kung ito ay binawi ng mas maaga.**



DSWD

Maagap at Mapagkalingang Serbisyo!

#DSWDBawatBuhayMahalagaSaDSWD

www.dswd.gov.ph

dswdserves

SCAN ME

# REGULATORY SERVICES



## PAANO SINUSUBAYBAYAN ANG DSWD ORGANIZED BENEFICIARY CSO?

**Ang kinatawan galing sa DSWD Field Office Standards Section ay magsasagawa ng announced at/o spot monitoring at pagbisita sa mga akreditadong DSWD organized beneficiary CSO upang matiyak na sumusunod ang CSO sa pamantayan at kinakailangang dokumento. Maaari ring magbigay ng tulong teknikal ang kinatawan kung kinakailangan.**



# REGULATORY SERVICES

## SAAN MAAARING MAG-APPLY?

**Lahat ng aplikasyon at kinakailangang dokumento ay maaaring personal na isumite sa pinakamalapit na DSWD Field Office - Standards Section o ipadala sa email.**

**STANDARDS BUREAU**

DSWD Building, Constitution Hills, Batasan Complex, Quezon City, Philippines 1126

sb@dswd.gov.ph

Para sa karagdagang impormasyon sa CSO accreditation ng DSWD organized beneficiaries, maaring basahin ang DSWD MC 26, s. 2020. Maaari ring tumawag sa Standards Bureau sa (02) 8951-7125/8355-2863 o bumisita sa pinakamalapit na DSWD Office sa inyong rehiyon.

# REGULATORY SERVICES

QUICK TIPS

Ang Memorandum Circular (MC) No. 26, Series of 2020 ay para sa mga Sustainable Livelihood Program Associations (SLPAs) na gustong mag-apply para sa akreditasyon upang maging benepisyaryo gamit ang pondo ng DSWD.

Samantala, para sa mga aplikanteng galing sa ibang programa ng DSWD na gustong mag-apply para sa akreditasyon upang maging benepisyaryo gamit ang pondo ng DSWD,sundin ang mga nakasaad sa MC No. 17 series of 2017 o ang "Amended Guidelines on the Accreditation of Civil Society Organizations as Beneficiaries of DSWD Projects and/or Programs" at MC No. 8 series of 2018 o ang "Amending MC No. 17 series of 2017 or the Amended Guidelines on the Accreditation of Civil Society Organizations as Beneficiaries of DSWD Projects and/or Programs."

*Bumisita sa official DSWD website para sa kumpletong dokumento ng mga nabanggit na Memorandmum Circular o M.C.*